Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG PEBRERO 9, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 049-T'2009

### KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 203-T2008/ KAUTUSANG PAGLALAAN BLG. 07-T2008 NG BARANGAY SAN PABLO NORTE NA NAGPAPATIBAY SA 20% PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) PARA SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANGDAAN LIMAMPU'T APAT NA LIBO PITONG DAAN APAT NA PISO AT DALAWAMPUNG SENTIMOS (P254,704.20).

**SAPAGKA'T,** may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang 20% pondong pangkaunlaran para sa AIP ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Isagani R. Malapaya at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 203-T2008 / Kautusang Paglalaan Blg. 07-T2008 ng Barangay San Pablo Norte na nagpapatibay sa 20% pondong pangkaunlaran (20% development fund) para sa Annual Investment Plan (AIP) ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P254,704.20.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. San Pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan